

**Umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng
pagkakapantay-pantay ng lahi
Kagawaran ng Serbisyong Paglilibang at Pangkultura**

Ang Kagawaran ng Serbisyong Paglilibang at Pangkultura (LCSD) ay nakatuon sa pagbibigay ng kalidad na serbisyong paglilibang at pangkultura na katimbang sa pag-unlad ng Hong Kong bilang isang nangungunang lungsod at kapital ng mga kaganapan. Binibigyan namin ng malaking halaga ang pagtiyak sa pantay-pantay na paglapit ng lahat ng mga miyembro ng publiko sa aming mga serbisyo, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Mga
Serbisyong
May
Kinalaman

- Ang publiko ay maaaring mag-book ng mga kagamitang libangan at palakasan at magpatala sa mga programang libangan at palakasan sa mga booking counter, bumili ng mga tiket sa mga kaganapang pangkultura sa mga takilya at umarkila ng mga kagamitan sa aming mga lugar ng palakasan at pangkultura at pati na rin sa Pandistritong Tanggapan ng Serbisyong Paglilibang. Ang mga serbisyong ito ay inihahatid sa parehong Tsino at Ingles.
- Ang publiko ay maaari ring magtanong at magsampa ng mga reklamo kaugnay sa aming mga serbisyo, alinman sa Tsino o Ingles, sa mga counter ng katanungan (para sa mga lugar na pangkultura)/ mga booking counter (para sa lugar ng paglilibang) ng aming mga lugar at Pandistritong Tanggapan ng Serbisyong Paglilibang.
- Ang impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo at kagamitan sa websayt ng LCSD ay inilabas sa parehong Tsino at Ingles. Ang mga kagamitang sinulat kabilang ang mga

kagamitang pagsasapubliko at impormasyon ng programa ay inilabas din sa Tsino at Ingles.

Umiiral na
Mga Panukala

- Mag-aayos ng serbisyong interpretasyon kung kinakailangan at naaangkop sa pamamagitan ng Sentro Para sa Etniko Minorya (CHEER). Ang CHEER ay nagbibigay ng mga serbisyong interpretasyong pantelepono sa walong wika, ito ay ang Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese.
- Ang mga paunawa ay inilagay sa mga counter ng katanungan (para sa mga lugar na pangkultura)/mga booking counter (para sa lugar ng paglilibang) ng aming mga lugar at Pandistritong Tanggapan ng Serbisyong Paglilibang upang ipaalam sa mga taong magkakaibang lahi ang pagkakaroon ng mga serbisyo sa wika. Ang tulong sa komunikasyon tulad ng kard sa pagkakakilanlan ng wika ay naririyang upang tulungan ang aming mga kawani sa pagbibigay ng naaangkop na serbisyo sa wika.

Pagtatasa ng
Gawain sa
Hinaharap

- May isang template na nilikha para sa aming mga kawani sa frontline upang maitala ang kanilang mga karanasan at obserbasyon sa aming pagkakaloob ng mga serbisyo sa wika para sa pagsusuri at dagdag na pagpapahusay.
- Ang mga katugunan/mungkahi mula sa publiko kabilang ang mga taong magkakaibang lahi ay itatala at isasaalang-alang upang makita kung maaaring gawin ang dagdag na mga

pagpapahusay kung kinakailangan at naaangkop.

Mga
Karagdagang
Panukalang
Ipinatupad/
Ipatutupad

- Isinasaalang-alang ang pagsasalin sa mga nakasulat na materyales na may malaking interes sa publiko, at pati na rin ang kanilang mga elektronikong bersyon, sa ibang mga wika bilang karagdagan sa wikang Tsino at Ingles. Isinalin ng LCSD ang payo ng kaligtasan sa tubig sa pitong wika, kabilang ang Hindi, Bahasa Indonesia, Nepali, Urdu, Tagalog, Thai at Vietnamese, na ini-upload sa websayt ng LCSD.
- Makikipag-ugnayan ang LCSD sa Komisyon ng Pantay-pantay na Oportunidad, ang Pasanayan sa Pagsasanay at Pagpapaunlad ng Serbisyo Sibil at ibang kaugnay na mga organisasyong hindi sa pamahalaan upang magbigay ng naaangkop na pagsasanay para sa mga kawani na may layuning matiyak ang kanilang ganap na pag-unawa sa mga panukala ng Kagawaran sa pagtiyak sa pantay-pantay na paglapit sa aming mga serbisyo ng lahat ng mga miyembro ng publiko, anuman ang kanilang pinagmulang lahi.

Para sa mga katanungan tungkol sa umiiral at binabalak na mga panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi sa LCSD, mangyaring makipag-ugnay kay Binibini Kenley Chan, Tagapamahalang Opisyal (Pangkalahatan)³ –

Telepono : 2601 8900
Fax : 2603 0642
Email : eog3@lcsd.gov.hk

Postal Address : 13/F., Leisure and Cultural Services Headquarters,
1 – 3 Pai Tau Street, Sha Tin

Kagawaran ng Serbisyong Paglilibang at Pangkultura
Hunyo 2021